# GREAT FAITH

FILIPINO

**PANANALANGIN, PAG-AAYUNO, AT PAGTATATALAGA**

**ENERO 7–11, 2019**

# GREAT FAITH

FILIPINO

EVERY NATION

EVERY NATION

© 2019 ng Every Nation Churches & Ministries.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang lahat ng mga sipi ng mga katagang binigkas
ng mga kilalang indibidwal ay isinalin sa Filipino.
Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit,
ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND)
Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

***EveryNation.org/Fasting***     ***#ENfast2019***

# *Nilalaman*

*Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno ..................................2*

*Ang Plano Ko....................................6*

*Panimula: Dakilang Pananampalataya ..............13*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Abraham ....................................16*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Sara ............................................20*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Moises .........................................24*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Caleb ..........................................28*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Rahab...........................................32*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Pablo ..........................................36*

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Jairus..........................................40*

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at *campus ministries* ng *Every Nation* ang bawat taon sa limang araw ng pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> *Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1,2**

> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nagkakaroon tayo ng daan palapit sa Kanyang puso.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga natural nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> *. . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain.* **2 CRONICA 7:14**

Sa kasaysayan, makikitang ang Diyos ay naghatid sa mga bansa ng muling pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."*
> **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa pahina 7-9, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa pahina 6 . Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 8.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## Habang Nag-aayuno

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## Paghinto sa Pag-aayuno

> *At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.* **1 JUAN 5:14,15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, *salad*, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Plano Ko

## Day 1

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________

## Day 2

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________

## Day 3

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________

## Day 4

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________

## Day 5

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________

# *Nagpapasalamat Ako sa Diyos para sa . . .*

## Mga Nasagot na Panalangin

*Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2018.*

# *Ngayong 2019, Naniniwala Ako sa Diyos para sa . . .*

## Nais kong Makamtan para sa Aking Sarili

*Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay*

## Aking Pamilya

*Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan*

## Aking Pag-aaral/Trabaho

*Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon*

## Aking Paglilingkod

*Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kasama sa Trabaho at Kamag-aral*

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

**Kasama Ko sa Pananalangin:** ______________________________

# *Nangangako Akong Mananalangin Para Kina . . .*

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# *Nangangako Akong Mananalangin Para Sa . . .*

## Aking Iglesya

*Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo*

## Aking Komunidad

*Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya*

## Aking Bansa

*Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan*

# *Every Nation*

## Ipanalangin na makapagtatag pa ng maraming iglesya sa iba't ibang bayan.

> *Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo.* **MGA SALMO 2:8**

Tayo ay nananampalataya na maitatag sa iba't ibang bansa ang mahigit na pitumpung bagong iglesya sa loob ng labing-dalawang buwan. Maniwala tayo na maraming mabubuting bagay ang mangyayari sa mga bayang ito.

Australia
***Angola***
Bangladesh
Brazil
Cambodia
Canada
***Chile***
China
Colombia
***Cyprus***
***Egypt***
Fiji
France
Guam
India
Indonesia
***Iraq***
Japan
Laos
***Lebanon***
Malaysia
Mexico
Myanmar
New Zealand
Philippines
***Portugal***
***Rwanda***
Scotland
***Somalia***
Sri Lanka
***Swaziland***
***Tajikistan***
Tanzania
Thailand
***Turkmenistan***
***Uganda***
United Kingdom
United States
***Uzbekistan***
Vietnam
Zambia
Zanzibar

*Sa kasalukuyan, wala pang iglesya ang Every Nation sa mga bansang binigyan ng* ***diin at naka-italiko.***

## Ipanalangin na marami pang mga misyonaryo ang maipadala.

> *"Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **MATEO 9:38**

Sinabihan tayo ni Jesus na masigasig na manalanging makapagpadala ng mas marami pang tagapag-ani sa mga eskwelahan, bansa, at iba't ibang bahagi ng mundo.

9:38

**Tanggapin ang Paghamong 9:38**
Itakda ang 9:38 ng umaga (o kaya ay gabi), sa relos mong may alarma. Sa tuwing tutunog ito, maglaan ng ilang sandali para ipanalangin na magpadala ang Diyos ng mga misyonero sa mga paaralan at tagapagtatag ng iglesya na buong tapang na magpapahayag ng ebanghelyo sa iba't ibang panig ng mundo.

## Ipanalangin ang *Go Conference* sa 2019.

Ang mga namumuno ng Every Nation sa iba't ibang panig ng mundo ay magkikita-kita sa Orlando, USA, para sa pandaigdigang pagpupulong na nagaganap isang beses kada tatlong taon, na tinatawag na *Go Conference*. Ipagdiriwang natin ang ating ika-25 anibersaryo at lalo pa nating palalakasin ang ating pananampalataya para gawin ang ipinapagawa sa atin ng Diyos at pumunta sa kung saan Niya tayo papupuntahin sa susunod na dalawampu't-limang taon.



EVERY NATION GO 2019

**Hulyo 15–19, 2019 > Orlando, USA**
Magparehistro o malaman ang iba pang detalye sa ***EN2019.org.***



# PANIMULA: DAKILANG PANANAMPALATAYA

Maraming nakilalang tao si Jesus noong panahon ng Kanyang pagmiministeryo na may iba't ibang antas ng pananampalataya. Subalit may dalawang tao na tumanggap ng papuri mula sa Kanya dahil sa dakila nilang pananampalataya. Sa Mateo 15, umiiwas si Jesus sa maraming tao nang lapitan Siya ng isang babae na hindi Judio. Ang anak niya ay sinaniban ng demonyo, at nakiusap siya kay Jesus na pagalingin ito. Mukhang ayaw ito gawin ni Jesus dahil sinabi Niyang, "Sinugo ako para lang sa mga Israelita...hindi tamang kunin ang pagkain ng mga anak at ihagis sa mga aso." Subalit hindi sumuko ang babae. Sinabi niyang kahit ang mga aso ay kumakain ng mga tira-tirang nahuhulog mula sa mga mesa ng kanilang amo. Dahil dito hindi lamang ginawa ni Jesus ang hiniling niya, kundi pinuri pa siya sa harap ng maraming tao:

> *At sinabi sa kanya ni Jesus, "Napakalaki ng pananampalataya mo! Mangyayari ang ayon sa hinihiling mo." At nang sandaling iyon ay gumaling ang anak ng babae.* **MATEO 15:28**

Sa ibang pagkakataon, ikinuwento ni Lucas ang pagpapadala ng isang kapitan ng hukbong Romano ng mga pinunong Judio upang hilingin kay Jesus na pagalingin ang alipin niya na may malubhang sakit. Alam niya na hindi maganda ang kinatatayuan niya bilang opisyal ng sandatahang Romano. Hindi siya karapat-dapat na puntahan ni Jesus sa kanyang bahay. Subalit ginamit din niya ang posisyong ito para ipaliwanag kung bakit siya naniniwala na kayang pagalingin ni Jesus ang alipin niyang may sakit kahit pa malayo siya: “Alam ko ito dahil nasa ilalim ako ng nakakataas na opisyal, at may pinamumunuan din akong mga sundalo. Kapag sinabi ko sa isa na, ‘Pumunta ka roon,’ pumupunta siya. Kapag sinabi kong, ‘Halika,’ lumalapit siya. At kahit ano pa ang iutos ko sa aking alipin ay sinusunod niya.” Ito ang naging tugon ni Jesus:

> *Nang marinig ito ni Jesus, namangha siya sa kapitan at sinabi niya sa mga taong sumusunod sa kanya, “Hindi pa ako nakakita ng isang tao sa Israel na may ganitong pananampalataya.”* **LUCAS 7:9**

Ginamit ni Mateo ang salitang Griyego na *megale* upang ilarawan ang pananampalataya ng babaeng hindi Judio. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay “malaking sukat, bilang, kahalagahan, o lawak.” Ginamit naman ni Lucas ang salitang Griyego na *tosoutos* para ilarawan ang pananampalataya ng kapitan. Ang salitang ito ay nangangahulugang “malawak ang dami at halaga; malaki, kapansin-pansin na hindi pangkaraniwan ang laki at halaga.”

Sa gabay na ito, pag-aaralan natin ang mga taong may dakilang pananampalataya. Sila ay may mga kapintasan sa pag-uugali at madalas na nakakagawa ng mga pagkakamali, subalit nagpakita sila ng dakilang pananampalataya. Sila ay mga ordinaryong babae at lalaki subalit may pananampalataya sila sa kakaibang Diyos. May mga kapintasan at mahihina subalit puno ng pananampalataya. Hayaang mabigyan nila ng inspirasyon ang buhay mo at itulak kang magkaroon ng dakilang pananampalataya ngayong linggo ng pananalangin, pag-aayuno, at pagtatalaga ng sarili sa Diyos.

Sa bawat araw, may mga kuwento ng pananampalataya na hinango mula sa Salita ng Diyos. Laging tinutukoy sa Salita ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng pananampalataya at mga salitang sinasabi natin. Nang hilingin ng mga disipulo kay Jesus na palakasin ang pananampalataya nila, sinabi Niya, "Kung may pananampalataya kayo . . . masasabi ninyo . . . ." (Lucas 17:5,6) Hinikayat ng manunulat ng Mga Hebreo ang mga mananampalataya na panghawakang mabuti ang mga pinaniniwalaan nila (Mga Hebreo 4:14). Sinabi ni Pablo na ang ating pananampalataya ay konektado sa salitang lumalabas sa ating mga bibig.

> *Sinasabi ng Kasulatan, "Sumampalataya ako, kaya nagsalita ako." Ganoon din ang aming ginagawa: Sumasampalataya kami, kaya nagsasalita kami.*
> **2 CORINTO 4:13**

Sana ay matulungan ka ng gabay na ito upang makaugalian ang pagbubulay-bulay, pagsasalita, at pagkilos ayon sa Salita ng Diyos.

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO:

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI ABRAHAM

## Basahin GENESIS 12:1–9; 15:1–6; MGA TAGA-ROMA 4:19–21

> *19 Mag-iisang daang taong gulang na siya noon. Alam niyang matanda na siya at mahina na ang katawan. Alam din niyang si Sara ay baog at hindi maaaring magkaanak. Ganoon pa man, hindi nanghina ang kanyang pananampalataya. 20 Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Diyos 21 dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Diyos ang kanyang pangako.* MGA TAGA-ROMA 4:19–21

Ang pananampalataya ni Abraham ay pananampalatatayang pinag-isipan. Hindi siya bulag sa katotohanan. Maingat niyang tinimbang ang mga bagay. Pinag-isipan niya ang kalagayan ng kanyang katawan. Alam niyang matanda na siya at baog si Sara. Alam niya na maraming hadlang sa pagkakaroon nila ng anak. Subalit sa kabila ng kanyang pagsusuri, hindi siya nanghina sa pananampalataya. Ang pangako ng Diyos ay mas matimbang kaysa sa kasalukuyan niyang sitwasyon—gaano man kawalang pag-asa ng sitwasyon niya. *"Sa gitna ng sitwasyong walang pag-asa, puno ng pag-asa siyang naniwala."*[1]

Hindi ikinakaila ng pananampalataya ang realidad, subalit kinikilala nito na mayroon pang mas totoo: ang Salita ng Diyos. Hindi ito laging madali, lalo na kung naiisip natin ang mga bagay na hindi sumasang-ayon sa gusto nating mangyari. Subalit ganito talaga ang pananampalataya. Gaya ng sinabi ni Martin Luther:

"Isa itong katangian ng pananampalataya, na pinipihit nito sa leeg ang pangangatwiran at sinasakal ang halimaw. Subalit paano? Pinanghahawakan nito ang Salita ng Diyos, at hinahayaan itong ipakita kung ano ang tama at totoo, gaano man ito magmistulang imposible o isang kabaliwan. Ganito ang ginawa ni Abraham nang hulihin niya ang kanyang pangangatwiran at paslangin ito, ayon sa lalim ng paniniwala niya sa Salita ng Diyos."[2]

***Ang dakilang pananampalataya ay humaharap sa mga pagsubok at pinagtatagumpayan ang mga ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.***

# *Isapamuhay*

Ano ang hindi pangkaraniwan sa pananampalataya ni Abraham ayon sa paglalarawan ni Pablo sa Mga Taga-Roma 4:19-21? Sa palagay mo, bakit nahihirapan ang ibang tao na intindihin ang pananampalatayang makatotohanan? Naranasan mo na bang harapin ang katotohanan nang hindi nawawalan ng pananampalataya? Ano ang itinuro sa iyo ng Diyos sa mga pangyayaring ito?

Kailan ang huling pagkakataon na nakatanggap ka ng masamang balita? Ano ang naging tugon mo? Ano sana ang dapat na naging tugon mo? Ano ang maaari mong gawin para makasiguro na sa susunod na makatanggap ka ng masamang balita, tutugon ka nang may pananampalataya?

# *Ipanalangin*

- ☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango mula sa Mga Taga-Roma 4:20,21; Marcos 9:23; Mateo 9:29; 17:20; Mga Taga-Roma 1:17; 1 Timoteo 6:12; Mga Kawikaan 6:21,22; Mga Salmo 40:8; 119:89,160; 138:2; Mga Hebreo 10:16.*

Pinahahalagahan ko ang mga pangako Mo, o Diyos, at hindi ako nag-aalinlangan. Matatag ang pananampalataya ko. Pinararangalan Kita. Nakasisiguro ako na anuman ang ipinangako Mo ay kaya Mong gawin. Ang lahat ng bagay ay posible para sa akin dahil nananalig ako. Mangyayari ito ayon sa pananampalataya ko.

Ang mga matuwid ay mamumuhay ayon sa pananampalataya. Kung ako ay may pananampalataya na kasing liit ng isang buto ng mustasa, walang imposible para sa akin. Ipinaglalaban ko nang mabuti ang pananampalataya ko. Pinanghahawakan ko ang buhay na walang hanggan. Mabuti ang ipinapahayag ko.

Itinatali ko ang Salita Mo sa puso ko. Itinatali ko ito sa leeg ko. Sa tuwing ako ay naglalakad, magsisilbi itong gabay. Sa oras ng pagtulog, ito ay magbabantay sa akin. Paggising ko, mangungusap ito sa akin. Ikinagagalak kong gawin ang kagustuhan Mo. Ang Salita Mo ay nasa puso ko. Dahil ginawa Mo ang kasunduang ito sa akin, inilagay Mo ang Salita Mo sa puso ko at isinulat ito sa isipan ko. Ipinahayag Mo ang kadakilaan ng Iyong Salita ayon sa Iyong pangalan. Ang kabuuan ng Salita Mo ay katotohanan, at lahat ng kautusan Mo ay walang hanggan.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 10)
- ☐ **Every Nation** (pahina 11)

# Kabisaduhin

*Ang pananampalataya ay ang katiyakan na matatanggap natin ang mga bagay na inaasahan natin. At ito ay ang pagiging sigurado sa mga bagay na hindi natin nakikita.* **MGA HEBREO 11:1**

> ***"ANG UNANG KAGAMITAN NA IBINIGAY SA ATIN NG DIYOS UPANG PALAKASIN ANG ATING PANANAMPALATAYA AY ANG BIBLIYA…KUNG ANG PANANAMPALATAYA NATIN AY HINDI NAG-UUGAT MULA SA BIBLIYA, MALALANTA ITO GAYA NG ISANG PANANIM NA BINUNOT MULA SA LUPA."***
>
> **—Billy Graham,** American Evangelist[3]

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI SARA

1

## Basahin

GENESIS 18:9–15; 21:1–7; MGA HEBREO 11:11

> *Dahil sa pananampalataya, nagkaanak si Abraham kahit na matanda na siya at baog ang asawa niyang si Sara, dahil naniwala si Abraham na tutuparin ng Diyos ang pangako niya na magkakaanak si Sara.* **MGA HEBREO 11:11**

Ang salitang *naniwala* sa pahayag na ito ay nangangahulugang, "pinag-isipang mabuti at lubusan at nakabuo ng isang desisyon." Maingat at lubusang pinag-isipan ni Sarah ang katapatan ng Diyos, at ang resulta ay pananampalataya, ganap na pagtitiwala sa katangian Niya.

"Ang manunulat dito ay piniling ipakilala ang unang babaeng pangunahing tauhan sa pananampalataya bilang isang taong nakayanang hindi pansinin ang kawalan niya ng kakayahang magbuntis at maging ina upang maging isang ganap na ina. Sa katunayan, ang pananampalataya niya ay nakatulong sa pagpapalaganap ng lahi ni Abraham sa kabila ng mahina na niyang pangangatawan."[4]

Isang programa sa telebisyon bago ang 1988 *Winter Olympics* ang nagpakita ng mga bulag na marunong mag-ski na nag-eensayo para sa pababa at paliku-likong pag-ski. Bawat isa sa kanila ay ipinares sa isang marunong mag-ski na hindi bulag at sa bahagi na patag, natuto sila kung paano pumihit sa kanan at sa kaliwa. Pagkatapos ay inaral nilang mag-ski sa daang pababa at paliku-liko sa ganito ring paraan. Nagtiwala at sumunod sila sa sinasabi ng kasama nilang nakakakita. Maaari silang magtiwala o mauwi sa malaking sakuna.

Tayo ay tulad ng mga bulag na nag-*ski* at lumulusong sa landas ng buhay. Mabuti na lamang at mayroon tayong tapat na gabay na nagbibigay sa atin ng direksyon. Kung magtitiwala tayo sa Kanya, mararating natin ang dapat nating puntahan. Maaari tayong magtiwala sa Kanya dahil siya ay matapat at puno ng integridad. Ang integridad ay mahigpit, hindi nagbabago, at matatag na paninindigan sa katotohanan. Hindi posible ang pananampalataya kung wala ito. Dahil ang Diyos ay puno ng integridad, matatag ang pundasyon ng tiwala natin sa Kanya.

***Ang dakilang pananampalataya ay nakatuon sa katapatan ng Diyos.***

# *Isapamuhay*

Ang ganap na pagtitiwala sa katangian ng Diyos ay nagbubunga ng ganap na pagtitiwala sa Kanyang Salita.

Ang palagiang pag-iisip tungkol sa Salita ng Diyos ay nagbubunga ng pananampalataya, pagsunod, at tagumpay. Subalit hindi ito laging madaling gawin. Ano ang ilan sa mga hinaharap mong pagsubok ngayon ang humahadlang sa iyo na pag-isipan ang Salita ng Diyos? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang makapaglaan ng mas mahabang oras para makapag-isip-isip tungkol sa Salita ng Diyos?

# *Ipanalangin*

## ☐ Paghahayag ng Pananampalataya

*Hango mula sa Mga Kawikaan 3:5,6; Mga Salmo 125:1; 1:1–3; 112:7; 118:6; Mga Hebreo 4:14; 10:23; 3:1; Deuteronomio 30:11-14.*

Nagtitiwala ako sa Iyo ng buong puso, at hindi ako nananalig sa sarili kong pang-unawa. Sa lahat ng ginagawa ko, kinikilala Kita. Gagawin Mong patag ang aking daan. Sapagkat ang mga nagtitiwala sa Iyo ay tulad ng Bundok Zion na hindi matitinag at mamamalagi magpakailanman.

Pinagpala ang taong nagtitiwala sa Panginoon. Ang kaligayahan ko ay nasa kautusan ng Panginoon at pinag-iisipan ko ang kautusan Niya araw at gabi. Ako ay tulad ng puno na nakatanim sa tabi ng ilog. Hindi ako matatakot sa pagdating ng tag-init. Hindi ako nangangamba sa tuwing tag-tuyot at patuloy akong namumunga. Hindi ako mayayanig. Dahil may katatagan sa puso ko, hindi ako matatakot. Ano ang kayang gawin ng tao sa akin?

Dahil mayroon akong punong pari na dumaan na sa langit, si Jesus na Anak ng Diyos, inihahayag ko ang pananampalataya ko ng walang pag-aalinlangan. Si Jesus ang Apostol at Punong Pari. Ang utos Niya ay hindi mahirap para sa akin at hindi mahirap hanapin. Ang Salita ay malapit lang sa akin, sa aking labi at sa aking puso, at dapat ko itong isapamuhay.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 10)
- ☐ **Every Nation** (pahina 11)

## Kabisaduhin

*Hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos ang taong walang pananampalataya, dahil ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat maniwalang may Diyos at nagbibigay Siya ng gantimpala sa mga taong humahanap sa kanya.* **MGA HEBREO 11:6**

> ***"HUWAG KAILANMAN MATAKOT NA IPAGKATIWALA ANG KINABUKASANG WALANG KATIYAKAN SA ISANG NAGPAKILALANG DIYOS."***
>
> **—Corrie Ten Boom,** Dutch War Hero and Author[5]

ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI

# MOISES

2

## Basahin

**EXODUS 12:29–42; MGA GAWA 7:20–36; MGA HEBREO 11:24–27**

> [24]*Dahil sa pananampalataya, nang malaki na si Moises . . . itinuring niyang mas mahalaga ang maalipusta para kay Cristo kaysa sa mga kayamanan ng Egipto, dahil inaasam niya ang gantimpalang matatanggap niya.* [27]*Dahil sa pananampalataya, iniwan ni Moises ang Egipto at hindi siya natakot kahit na magalit ang hari sa kanya. Nanindigan siya dahil parang nakita niya ang Diyos na hindi nakikita.* **MGA HEBREO 11:24–27**

Noong Hulyo 4, 1952, ang manlalangoy na si Florence Chadwick ay sumisid sa Karagatang Pasipiko sa may *Catalina Island*. Binalak niyang languyin ang mahigit dalawampu't milyang baybayin ng *California*. Subalit ang mga kondisyon noong araw na iyon ay hindi pabor sa kanya. Ang tubig ay mistulang yelo sa lamig at wala na halos makita dahil sa makapal na hamog. Ilang beses ding nagpaputok ang grupo niya ng baril para itaboy ang mga pating. Hindi na niya halos makita ang bangkang sinusundan niya. Matapos ang labing-limang oras sa tubig, sumuko na siya. Sinabihan siya ng tagasanay niya na magpatuloy, subalit ang nakikita na lamang niya ay puro hamog. Nang sumuko siya, isang milya na lamang ang layo niya mula sa pampang. Sinabi niya, "Kung nakita ko yung lupa, malamang ay kinaya ko."

Matapos ang dalawang buwan, nang maganda na ang panahon, sinubukan niya ulit lumangoy sa lugar na ito, nagawa niya, at nakapagtala pa ng bagong *world record*. Dahil maliwanag, nakita niya ang gusto niyang puntahan. Dahil nakikita niya ang lupa, nagawa niyang lumangoy hanggang sa marating niya ito.

Ganito rin ang pananampalataya. Kapag malinaw ang mga pangako ng Diyos, kaya nating magtiis sa kabila ng mga hadlang. Hinarap ni Moises ang galit ng hari at ang paninisi ng mga mamamayan ng Diyos. Subalit nagtiis siya hanggang sa dulo dahil nakita niya ang hindi nakikita—ang Diyos. Hindi siya pinanghinaan ng loob.

Maaaring hindi nakikita ng natural na mata ang mga pangako ng Diyos subalit nakikita sila ng espirituwal na mga mata. Ang mga

pangakong ito ay walang hanggan, hindi nagbabago, at mananatili kailanman. Ang langit at lupa ay lilipas, subalit ang Salita ng Diyos ay mananatili magpakailanman.

***Ang dakilang pananampalataya ay tumitingin sa mga pangako ng Diyos.***

# *Isapamuhay*

Ang pag-asa ay isang malinaw na larawan ng nais gawin ng Diyos sa buhay mo. Kapag mas malinaw ang larawan, mas malakas ang pag-asa. Gaano kalinaw ang larawang ito para sa iyo at gaano kalakas ang pag-asa mo sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin para mas mapalakas pa ito?

Napapasaatin ang mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at paghihintay. Ano ang mga pangakong hinihintay mo mula sa Diyos? Ano ang mga hadlang na kinakaharap mo habang naghihintay? Paano mo mapapalakas ang loob mo para maghintay at panghawakan mga pangakong ito?

# *Ipanalangin*

## ☐ Paghahayag ng Pananampalataya

*Hango mula sa 1 Corinto 15:58; Mga Hebreo 6:12; Mga Taga-Roma 5:3–5; Mga Taga-Galacia 6:9; Mga Hebreo 12:1–3; Colosas 1:11; Mga Salmo 62:2; 112:7,8; Mga Taga-Efeso 6:11.*

Dahil si Jesus ang nagbibigay sa atin ng tagumpay, ako ay matatag, hindi magbabago, at laging magsusumipag na gawin ang gawain ng Panginoon, dahil alam ko na ang paghihirap ko ay hindi masasayang. Hindi ako nagpapakatamad, bagkus ay tinutularan ko ang mga nakakatanggap ng pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiyaga.

Nagagalak ako sa gitna ng pagsubok dahil nagdudulot ito ng pagtitiyaga, at ang pagtitiis ay nagpapabuti sa pagkatao ko, at kung mabuti ang aking pagkatao, ako ay may pag-asa, at ito ay hindi mabibigo. Hindi ako nagsasawang gumawa ng mabuti dahil sa tamang panahon, matatanggap ko ang gantimpala, dahil hindi ako sumuko. Patuloy kong ginagawa ang itinakda ng Diyos para sa akin sa pamamagitan ng pagtuon ng aking paningin kay Jesus na nagtiis ng paghihirap sa krus dahil inisip Niya ang kaligayahang naghihintay sa Kanya. Hindi ako pinanghihinaan ng loob.

Pinalalakas ako ng dakila Niyang kapangyarihan upang makatagal at makapagtiis. Hindi ako mangangamba. Hindi ako natatakot sa kasamaan. Matatag ang puso kong nananalig sa Iyo. Pinalalakas Mo ang puso ko. Hindi ako natatakot. Titignan ko ang aking mga kaaway nang may kasiyahan. Matatag akong tatayo sa kabila ng mga ginagawa ng kaaway.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 10)
- ☐ **Every Nation** (pahina 11)

# Kabisaduhin

*[11]Nais naming patuloy na maging masigasig ang bawat isa sa inyo sa pag-asa n'yo sa Diyos hanggang sa wakas, para makamtan ninyo ang inaasahan ninyo. [12]Huwag kayong maging tamad, sa halip, tularan n'yo ang mga tao na tumatanggap ng mga ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya nila at pagtitiis.* **MGA HEBREO 6:11,12**

> ***"ANG PANANAMPALATAYA AY PANINIWALA SA HINDI MO NAKIKITA. ANG GANTIMPALA NG PANANAMPALATAYANG ITO AY ANG MAKITA KUNG ANO ANG PINANINIWALAAN MO."***
>
> **—Augustine of Hippo,** Fourth/Fifth Century North-African Theologian[6]

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI CALEB

3

## Basahin

**MGA BILANG 13:1,2;17–33; 14:1–9; 20–24; JOSUE 14:6–15**

*30 Pinakalma ni Caleb ang mga tao sa harapan ni Moises, at sinabi niya,
“Lalakad tayo at sasakupin natin ang lupain, dahil nasisiguro kong maaagaw
natin ito.” 31 Pero sinabi ng mga tao na sumama kay Caleb para mag-espiya,
“Hindi natin makakaya ang pagsalakay sa kanila dahil mas malakas sila sa
atin.” 32 At ipinalaganap nila sa mga Israelita ang masamang balita tungkol
sa lupain na kanilang tiningnan. Ito ang kanilang sinabi, “Hindi maganda ang
lupaing nakita namin doon, at hindi lang iyan, malalaki ang mga taong nakita
namin doon, sobrang tangkad. 33 May nakita pa kaming mga higante, na mga
angkan ni Anak. Parang mga tipaklong lang ang tingin namin sa aming mga
sarili kung ikukumpara sa kanila, at ganyan din ang kanilang tingin sa amin.”*

**MGA BILANG 13:30–33**

Ang makasaysayang pangyayaring ito ay naganap noong *1450 BC*. Pinamunuan ni Moises ang paglaya ng mga mamamayan ng Diyos mula sa pagiging mga alipin sa Egipto at dinala sila sa lupang ipinangako. Nangako ang Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Sila ay may kasunduan sa Kanya. Ibinigay Niya sa kanila ang lupain. Subalit mayroong problema: may mga higanteng naninirahan dito.

Laging may mga higante sa lupain. Laging may mga hadlang sa katuparan ng mga pangako ng Diyos. Sinabi ni Henry Ford na ang mga hadlang ay mga bagay na makikita mo kapag hindi ka nakatuon sa iyong mga layunin. Mas tama sana ito kung sasabihin natin na, “Ang mga hadlang ay mga bagay na makikita mo kapag hindi ka nakatuon sa Salita ng Diyos.”

Ang mga Israelita ay hindi nakapasok sa lupain dahil mas naniwala sila sa mga higante kaysa sa pangako ng Diyos—maliban kay Caleb. Ito ang sinabi ng Diyos tungkol sa pananampalataya ni Caleb: “Ngunit papapasukin ko sa lupain na kanyang tiningnan si Caleb na aking lingkod, dahil iba ang kanyang pag-uugali sa iba at sumusunod siya sa akin nang buong puso niya. Maninirahan ang kanyang mga angkan sa lupaing iyon.” (Mga Bilang 14:24)

Si Caleb ang ating halimbawa. Ipinahayag niya ang mga pangako ng Diyos kahit pa malaki ang mga hadlang. Lahat tayo ay humaharap sa mga higanteng humahadlang sa mga ipinangako ng Diyos sa atin. Subalit kung susundan natin ang pananampalataya ni Caleb, magagawa din nating mapagtagumpayan ang mga ito.

***Ang dakilang pananampalataya ay naghahayag ng mga pangako ng Diyos sa kabila ng mga kinakaharap na matinding pagsubok.***

# *Isapamuhay*

Ang kawalan ng pananampalataya ay nakikita sa maraming paraan sa buhay natin: pag-aalala, takot, pagdududa, at pagkabalisa. Bakit insulto sa Diyos ang mga ito? Ano ang sinasabi nito sa pag-uugali natin?

Ano ang mga higante sa buhay mo ngayon na humahadlang sa pagtanggap mo ng mga ipinangako sa iyo ng Diyos? Ano ang gagawin mo para talunin ang mga ito?

# Ipanalangin

- ☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

  *Hango mula sa 1 Juan 4:4; 5:4; Mga Taga-Filipos 4:13; 1 Timoteo 6:12; 2 Corinto 4:13; Mga Taga-Efeso 6:10; 6:16; Mga Taga-Roma 8:37; 2 Corinto 2:14; Marcos 9:23; Mga Hebreo 10:35–39.*

  Ang bawat anak ng Diyos ay nagtatagumpay laban sa mundo. At ito ang tagumpay upang daigin ang mundo. Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin. Ako ay sa Diyos, at matagumpay ako laban sa mundo. Kaya kong harapin ang kahit na ano sa pamamagitan ng tulong ni Cristo na nagpapatatag sa akin. Ipinaglalaban ko nang mabuti ang pananampalataya. Pinanghahawakan ko ng mabuti ang buhay na walang hanggan. Ang espiritu ng pananampalataya ay nasa akin.

  Ako ay malakas dahil sa kalakasan ng Kanyang kapangyarihan. Ginagamit ko ang panangga ng pananampalataya para hindi ako tablan ng panunukso ng kaaway. Ako ay higit pa sa mananakop sa tulong ni Cristo na nagmamahal sa akin. Lagi Siyang nasa unahan ko sa parada ng tagumpay at ginagamit Niya ako para ipalaganap ang kaalaman tungkol sa Kanya kahit saan ako magpunta.

  Ang lahat ng bagay ay magagawa ko dahil nananalig ako. Naniniwala ako na makakatanggap ako ng malaking gantimpala. Kailangan ko ng katatagan upang kapag nagawa ko na ang kagustuhan ng Diyos, matatanggap ko ang ipinangako Niya. "Sandaling panahon na lang at darating na siya. Hindi na siya magtatagal. . .ngunit kung tumalikod siya sa akin, hindi ko na siya kalulugdan." Hindi ako kabilang sa mga tumatalikod sa Diyos at napapahamak, kundi kabilang ako sa mga sumasampalataya at naliligtas.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 10)
- ☐ **Every Nation** (pahina 11)

## *Kabisaduhin*

*Sapagkat ang bawat anak ng Diyos ay nagtatagumpay laban sa mundo. Napagtatagumpayan niya ito sa pamamagitan ng pananampalataya.* **1 JUAN 5:4**

***"ANG TAONG HINDI GANAP NA NANINIWALA . . . AY TULAD NG ALON SA DAGAT. SIYA AY LAGING HINDI MAPAKALI. DINADALA AT HINAHAGIS NG HANGIN KUNG SAAN-SAAN: NGAYON AY LUMILIPAD SA PAG-ASA, MAYA-MAYA AY LULUBOG SA DESPERASYON."***

**Adam Clarke,** British Methodist Theologian and Bible Scholar[7]

ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI

# RAHAB

4

## Basahin

JOSUE 2:1–21; 6:15–25; MGA HEBREO 11:31; SANTIAGO 2:24–26

> *Dahil sa pananampalataya, tinulungan ni Rahab na babaeng bayaran ang mga espiya at hindi siya pinatay kasama ng mga kababayan niyang suwail sa Diyos.*
> **MGA HEBREO 11:31**

Si Rahab ay isang babaeng bayaran sa templo at may-ari ng isang paupahang bahay. Subalit nang marinig niya ang balita kung paano pinatuyo ng Diyos ang Dagat na Pula, sinabi niya sa mga espiyang Hebreo, "…sapagkat ang Panginoon na inyong Diyos ay siyang Diyos sa langit at sa lupa." Nilagay niya ang sarili niya sa panganib at itinago ang mga espiya. Kung nalaman ng hari na itinago niya ang mga espiya sa bahay niya, mamamatay siya at ang buo niyang pamilya. Subalit nagtiwala siya sa Diyos kahit pa magdulot ito ng pagkawala ng lahat ng bagay sa buhay niya.

Si Charles Blondin (1824-1897) ay isa sa mga pinakasikat na *circus acrobat*. Marami siyang mapanganib na bagay na ipinakita sa mga tao, subalit ang pinakakamangha-mangha ay ang pagtawid sa *Niagara Falls* gamit ang isang lubid na 1,100 talampakan ang haba at 160 talampakan ang taas mula sa *Falls*. Ilang beses niyang tinawid ang magkabilang dulo ng *Niagara Falls*, at sa bawat beses ay may kakaiba siyang ginawa: nakatakip ang mata, may gamit na tiyakad (*stilts*), may tinulak na *wheelbarrow*. Isang beses naupo siya sa lubid at nagluto ng *omelet*.

Ngunit wala pa ring tatalo sa una niyang pagtawid. Matapos ang matagumpay niyang pagtawid sa Niagara, tinanong ni Blondin ang mga taong nandoon, "Sino ang naniniwalang kaya kong bumalik at tumawid ulit?" Sumigaw ang mga tao, "Naniniwala kami!" "Kung gano'n, sino sa inyo" ang tanong ni Blondin, "ang sasakay sa likod ko habang tumatawid ako?" Biglang natahimik ang mga tao.

Sa huli, isang matapang na lalaki ang lumapit sa kanya at nagsabing, "Ako." Umakyat siya sa balikat ni Blondin, at matagumpay nilang tinawid ang *Niagara Falls*. Ang ibang mga tao ay naniwala lamang kay Blondin

sa kanilang mga isipan subalit ang tumawid kasama niya ay naniwala sa kanya ng buong puso.

***Ang dakilang pananampalataya ay nagtitiwala sa Diyos kahit pa magdulot ito ng pagkawala ng lahat ng bagay.***

# *Isapamuhay*

Ginagamit ng Diyos ang mga sitwasyon upang ipakita sa atin na ang mga inaakala nating pananampalataya sa Kanya ay pagsang-ayon lamang ng ating isipan. Ano ang mga sitwasyong kinaharap mo noong nakaraang taon na nagpakita sa iyo na sa isipan ka lamang sumang-ayon sa Diyos? Ano ang itinuro sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng mga sitwasyong ito? Ano ang ibig sabihin ng pagtugon sa pananampalataya ayon sa Bibliya at hindi sa isipan lamang?

Ang mga taong may pananampalataya ay gumagawa ng magandang desisyon ayon sa Salita ng Diyos. Ano ang mga sitwasyong kinakaharap mo ngayon na nangangailangan ng magandang desisyon? Ano ang mga humahadlang sa iyo na gawin ang mga desisyong ito, at paano mo ito mapagtatagumpayan?

# *Ipanalangin*

- ☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

  *Hango mula sa Mga Bilang 6:24–26; Mga Salmo 5:12; Ezra 7:28; Lucas 1:28; 2:52; Marcos 11:22,23; Santiago 1:17; Lucas 12:32; Mga Salmo 23:6.*

  Pinagpapala ako ng Panginoon. Ipinapakita Niya ang kanyang kabutihan at awa sa akin. Binibigyan Niya ako ng mabuting kalagayan.

  Pinagpapala Niya ang mga matuwid at ang pag-ibig Niya ay parang kalasag na nag-iingat sa akin. Dahil tinutulungan ako ng Panginoon na aking Diyos, nagkaroon ako ng lakas ng loob. Kasama ko ang Panginoon. Patuloy akong tumatalino at kinaluluguran ng Diyos at mga tao.

  Nananampalataya ako sa Diyos. Hinaharap ko ang mga hadlang na sinlaki ng bundok nang walang pagdududa sa puso ko, at nananalig ako na ang sasabihin ko ay mangyayari, at mangyayari nga ito.

  Ang lahat ng mabuting bagay ay ibinibigay sa akin ng Ama ng liwanag. Hindi ako natatakot dahil nasisiyahan ang Diyos sa pagpiling ibigay sa akin ang Kanyang kaharian. Tiyak na ang pag-ibig at kabutihan ay mapapasaakin habang ako ay nabubuhay. At maninirahan ako sa tahanan ng Panginoon magpakailanman.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 10)
- ☐ **Every Nation** (pahina 11)

## *Kabisaduhin*

*Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo. Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman.* **MGA TAGA-EFESO 2:8,9**

> ***"ANG TAONG TUMUTUPAD SA KAUTUSAN AY IYONG MULA SA PUSO ANG PAGTANGGAP SA SALITA NG DIYOS AT MAY BUHAY NA NAGPAPATUNAY NA SIYA AY NANINIWALA, AYON NGA SA SINABI NI CRISTO, 'HIGIT NA MAPALAD ANG MGA NAKIKINIG AT SUMUSUNOD SA SALITA NG DIYOS.'"***
>
> **—John Calvin,** French Theologian and Protestant Reformer[8]

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI PABLO

5

## Basahin

MGA GAWA16:16–40; 21:10–15; 27:21–25; 2 TIMOTEO 4:6–8

> *Ilang araw nang hindi kumakain ang mga tao, kaya sinabi ni Pablo sa kanila, "Mga kaibigan, kung nakinig lang kayo sa akin na hindi tayo dapat umalis sa Crete, hindi sana nangyari sa atin ang mga kahirapan at mga kapinsalaang ito. Pero ngayon, hinihiling ko sa inyo na lakasan ninyo ang inyong loob dahil walang mamamatay sa atin. Ang barko lang ang masisira. Sapagkat kagabi, nagpakita sa akin ang isang anghel. Ipinadala siya ng Diyos na nagmamay-ari sa akin at aking pinaglilingkuran. Sinabi niya, 'Pablo, huwag kang matakot. Dapat kang humarap sa Emperador sa Roma. At sa awa ng Diyos, ang lahat mong kasama rito sa barko ay maliligtas dahil sa iyo.' Kaya mga kaibigan, huwag na kayong matakot, dahil nananalig ako sa Diyos na matutupad ang kanyang sinabi sa akin."* **MGA GAWA 27:21–25**

Ikinuwento sa Mga Gawa 27 kung paano nalagay sa panganib ang buhay ni Pablo dahil sa pagkawasak ng barkong sinasakyan niya. Umapila siya kay Caesar kung kaya't naglakbay siya papunta sa Roma bilang isang bilanggo. Subalit hindi iyon ang tamang panahon para dumaan sa *Mediterranean*, at ang barko ay may nadaanan na isang malakas na bagyo. Sa loob ng labing pitong araw, ang barko ay hinampas ng mga alon hanggang sa nawalan na ng pag-asa ang mga nagpapatakbo nito na mabubuhay pa sila.

Si Pablo ay isang bilanggo sa barko, subalit mayroon siyang pangako mula sa Diyos. Buong tapang siyang tumayo sa palapag ng barko sa gitna ng malakas na bagyo at sinabi ang salita ng Diyos. Nagbigay siya ng mabuting balita sa gitna ng malubhang kalagayan.

Sa anumang bagyo sa buhay natin, dapat nating tularan ang halimbawa ni Pablo. Alamin kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga bagyong ito, at buong tapang itong ihayag nang walang pag-aalinlangan. Mangyayari sa atin kung anuman ang sinabi Niya.

Si Tenyente Heneral Lewis "Chesty" Puller ay isang Amerikanong bayani ng digmaan na nakatanggap ng limampu't dalawang medalya.

Siya ang marino na may pinakamaraming medalya sa buong kasaysayan. Bagama't nagretiro na siya noong 1955 at namatay noong 1971, madalas pa ding inaawit ng mga marino pagsapit ng gabi ang mga salitang, "Magandang gabi, Chesty Puller, saan ka man naroon!"

Ang lakas ng kanyang loob sa oras ng digmaan ay nagbigay ng pag-asa sa kanyang mga pinamumunuan. Isang beses, nang mapalibutan sila ng kaaway dahil sa agresibo niyang taktika, sinabi niya ang pinakasikat niyang mga salita, "Nasa kaliwa, kanan, harap, at likuran natin sila. . .hindi na sila ngayon makakatakas!"

Ito ang totoong mabuting balita.

***Ang dakilang pananampalataya ay nagbibigay ng mabuting balita kahit pa ang sitwasyon ay mukhang masama.***

# *Isapamuhay*

Ang pananampalataya ay may agresibong pagkilos tungkol sa mga pangako ng Diyos. Nasaan ang antas ng pananampalataya mo kung susukatin ito mula sa walang kibo hanggang sa agresibo? Agresibo mo bang pinanghahawakan ang mga pangako ng Diyos sa iyo? Bakit ito ang naisip mo? Ano ang maaari mong gawin upang maging agresibo sa bagay na ito?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Mas mahirap para sa ibang tao ang magbigay ng magandang balita. Ano ang mas nakaugalian mong gawin sa tuwing nahaharap ka sa mahirap na sitwasyon? Bakit ito ang nakaugalian mong tugon?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

# Ipanalangin

☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango mula sa Mga Taga-Efeso 1:3; Deuteronomio 28:2–13; Marcos 11:24; Juan 14:13–14; 15:7; 16:23,24; Mateo 21:22; 1 Juan 5:14–15.*

Dahil kay Cristo, nabigyan ako ng lahat ng pagpapalang espirituwal mula sa langit. Ang lahat ng mga pagpapalang ito ay mapapasa-akin. Pinagpala ako sa bayan at pinagpala din sa bukid. Pinagpapala Niya ang lahat ng ginagawa ko. Pinagpala ako sa aking mga anak. Nag-uumapaw ang mga pagpapala ko. Lahat ng gawa ng mga kamay ko ay pinagpala. Ako ay mamumuno at hindi tagasunod, nasa itaas at wala sa ilalim.

Naniniwala ako na ang lahat ng hiniling ko sa panalangin ay natanggap ko na, at ipagkakaloob sila sa akin. Nananatili ako sa Kanya, at ang Kanyang mga salita ay nananatili sa akin. Ang mga hinihiling ko ay ibinibigay Niya.

Anuman ang hinihiling ko sa pangalan Niya ay ibinibigay Niya upang maparangalan ko Siya bilang Kanyang anak. Kapag humiling ako sa pangalan Niya, gagawin Niya ito. Ang lahat ng hiniling ko sa panalangin nang may pananampalataya ay matatanggap ko.

Kapag humiling ako ng anumang bagay sa aking Ama, ibibigay Niya sa pangalan ni Jesus. Humihiling ako, natatanggap ko ito, at natutuwa ako ng lubos. Ito ang kasiguruhan ko sa tuwing lumalapit ako sa Kanya: na kapag humiling ako ayon sa kagustuhan Niya, pinapakinggan Niya ako. At kung alam ko na pinakinggan Niya ako, alam kong matatanggap ko ang mga ito.

☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)

☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)

☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)

☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)

☐ **Aking Bansa** (pahina 10)

☐ **Every Nation** (pahina 11)

# *Kabisaduhin*

*Sapagkat itinuring ng Diyos na matuwid ang taong sumasampalataya sa kanya nang buong puso. At kung ipapahayag niya na siya'y sumasampalataya, maliligtas siya.* **MGA TAGA-ROMA 10:10**

> ***"SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA KAY CRISTO, ANG ISANG TAO AY MAAARING MAGKAROON NG TIYAK AT MATATAG NA KAGINHAWAHAN, NA HINDI NIYA DAPAT KATAKUTAN ANG DEMONYO, KASALANAN, KAMATAYAN, O ANUMANG KASAMAAN. 'GINOONG DEMONYO,' MAAARI NIYANG SABIHIN, 'HINDI AKO TAKOT SA 'YO. MAY KAIBIGAN AKONG ANG PANGALAN AY JESU-CRISTO, NA PINANINIWALAAN KO. PARA SA AKIN, PINAWALANG-BISA NIYA ANG KAUTUSAN, HINATULAN ANG KASALANAN, TINALO ANG KAMATAYAN, AT WINASAK ANG KASAMAAN. MAS MALAKI SIYA KAYSA SA 'YO, SATANAS. TINALO KA NA NIYA SA LABAN AT HINDI NA PINABANGON. HINDI MO AKO KAYANG SAKTAN.' ITO ANG PANANAMPALATAYA NA NAGTATAGUMPAY LABAN SA DEMONYO."***
>
> **Martin Luther,** German Priest and Leader of the Protestant Reformation[9]

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO:

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI JAIRUS

## Basahin

**MATEO 9:27–31; MARCOS 5:21–43; JUAN 11:17–21; 38–44**

> *[21]Nang bumalik si Jesus sa kabila ng lawa, napakaraming tao ang nagtipon doon sa kanya. [22]Pumunta rin doon si Jairus na namumuno sa sambahan ng mga Judio. Pagkakita niya kay Jesus, lumuhod siya sa paanan nito [23]at nagmakaawa, "Agaw-buhay po ang anak kong dalagita. Kung pwede po sana, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo ang inyong kamay sa kanya, para gumaling siya at mabuhay!"* **MARCOS 5:21–23**

Isang malaking bilang ng tao ang pumalibot kay Jesus at naghihintay na makatanggap ng isang himala. May dala silang mga may sakit at malayo ang kanilang mga pinanggalingan. Lahat sila ay nanunuod, naghihintay, at umaasa. Subalit sa gitna ng mga tao ay lumabas ang isang lalaki na hindi na makapaghintay. Ang anak niyang babae ay nag-aagaw-buhay, at determinado siyang hilingin kay Jesus na pagaling siya.

"Gagaling siya," sabi ni Jesus. Sigurado si Jairus. Buo ang tiwala niya sa sinabi ng Diyos sa kanya.

Sinusundan ni Jesus si Jairus nang salubungin sila ng mga lalaking may balita mula sa kanyang bahay: "Patay na ang anak mo. Bakit mo pa guguluhin ang Guro?" Hindi ito pinansin ni Jesus at sinabi niya kay Jairus, "Huwag kang matakot, maniwala ka lang." Ginawa ni Jairus ang sinabi ni Jesus, at bago pa man natapos ang araw, kumakain na siya kasama ang anak niya na wala ng sakit.

Si John Paton (1824–1907) ay misyonaryo sa *New Hebrides* sa may Timog Pasipiko sa loob ng apatnapu't limang taon. Habang isinasalin ang Bagong Tipan sa sarili niyang wika, nahirapan siyang humanap ng salita na katumbas ng salitang "pananampalataya." Ang mga katutubo sa lugar na ito ay mga taong kumakain din ng kapwa nila tao at wala silang konsepto ng grasya.

Subalit isang araw, may katutubong umakyat sa bahay niya, tumakbo sa silid-aralan niya at ibinagsak ang buong bigat niya sa upuan. Sinabi niya sa misyonaryo, "Masarap sa pakiramdam yung pwede kong ibuhos ang

buong bigat ko sa upuan na ito.” Dahil dito, nakita ni Paton ang salitang maaari niyang magamit para sa salitang pananampalataya. Natapos ni Paton ang pagsasalin, at matapos ang ilang panahon ay ibinalita niya na ang buong isla ay nananalig na kay Jesu-Cristo.

***Ang dakilang pananampaltaya ay ganap na nagtitiwala sa sinabi ng Diyos.***

# *Isapamuhay*

Nakikita sa ating mga gawa kung ano ang ating pinaniniwalaan. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan ipinakita ng iyong gawa ang iyong pananampalataya sa Diyos. Bakit naging maayos ang tugon mo dito? Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan ipinakita ng iyong gawa ang kakulangan mo ng pananampalataya sa Diyos? Bakit hindi maganda ang naging tugon mo dito? Ano ang natutunan mo sa dalawang sitwasyong ito na makakatulong sa iyo sa susunod na may harapin kang katulad na sitwasyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Paano mo masusukat ang kakayahan mong maghintay sa katuparan ng mga ipinangako sa iyo ng Diyos? Magpapakita ka kaya ng pagtitiyaga o kawalan ng pagtitiyaga? Bakit mo ito naisip? Ano ang maaari mong gawin upang maging matiyaga?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

# *Ipanalangin*

☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango mula sa Mga Kawikaan 3:5–8; 4:20–22; Mga Salmo 103:2–4; 107:20; Isaias 53:4–5.*

Nakatuon ako sa mga salita Niya. Ang mga tenga ko ay nakaabang sa sasabihin Niya. Hindi ko tinatanggal ang mga mata ko sa mga ito. Itinatago ko sila sa aking puso. Dahil sila ay nagbibigay-buhay sa sinumang makahanap sa kanila at kalusugan sa buo kong katawan.

Pararangalan ko ang Panginoon, at hindi ko kakalimutan ang lahat ng ginawa Niya. Pinatawad Niya ang lahat ng kasalanan ko, pinagaling ang lahat ng sakit ko, at iniligtas Niya ang buhay ko mula sa hukay. Ipinadala Niya ang Kanyang salita at pinagaling Niya ako.

Nagtitiwala ako sa Panginoon ng buong puso, at hindi ako umaaasa sa sarili kong pang-unawa. Sa lahat ng ginagawa ko, pinararangalan ko Siya at ginagawa Niyang tuwid ang aking daan. Hindi ko itinuturing ang sarili ko na magaling sa sarili kong pang-unawa. Pinararangalan ko ang Panginoon at umiiwas ako sa kasamaan. Magbibigay ito ng kalakasan sa aking katawan.

Tiyak na inako Niya ang lahat ng sama ng loob ko at binuhat ang lahat ng kalungkutan ko. Siya ay tinusok dahil sa mga kasalanan ko, binali dahil sa kakulangan ko. Ang pagpapasakit para sa ikabubuti ko ay inako Niya, at dahil sa Kanyang pagpapasakit, ako ay napapagaling.

☐ **Personal na Panalangin** (pahina 8)

☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 9)

☐ **Aking Iglesya** (pahina 10)

☐ **Aking Komunidad** (pahina 10)

☐ **Aking Bansa** (pahina 10)

☐ **Every Nation** (pahina 11)

# Kabisaduhin

*Magpakatatag tayo sa pag-asa natin at huwag tayong mag-alinlangan, dahil tapat ang Diyos na nangako sa atin.* **MGA HEBREO 10:23**

> ***"MARAMI RING MGA DAKILANG GAWA ANG NAGING BUNGA NG PANANAMPALATAYA, DAHIL ANG PANANAMPALATAYA AY NAGDUDULOT NG MGA BAGAY NA KAMANGHA-MANGHA. ANG PANANAMPALATAYA, SA LIKAS NITONG ANYO, AY ISANG LAGANAP AT NANGINGIBABAW NA PUWERSA."***
>
> **—Charles Spurgeon,** English Baptist Preacher [10]

# *Mga Gawang Nabanggit*


1 Richard Francis Weymouth, *The Modern Speech New Testament: an Idiomatic Translation into Everyday English from the Text of the Resultant Greek Testament* (Pilgrim Press, 1909).

2 Martin Luther, *Quoted in Philip Schaff, History of the Christian Church,* Vol. VII (Hendrickson Publishers, Inc., 3rd Ed., 2006).

3 Billy Graham, *The Journey: Living by Faith in an Uncertain World* (Thomas Nelson, 2010), 105.

4 BJohn F. Walvoord and Roy B. Zuck (eds.), *Bible Knowledge Commentary* (Victor Books, New Ed., 1983).

5 "Corrie Ten Boom (Author of The Hiding Place)" (Goodreads, 7 July 2008), www.goodreads.com/author/quotes/102203.Corrie_ten_Boom.

6 Augustine of Hippo (Goodreads, 8 Mar. 2008), www.goodreads.com/quotes/32262-faith-is-to-believe-what-you-do-not-yet-see.

7 Adam Clarke, *Adam Clarke's Commentary Practical and Explanatory on the Whole Bible* (Baker Book House, 1967).

8 John Calvin, *Commentaries on the Catholic Epistles* (Nabu Press, 2010).

9 Martin Luther, *Commentary on Galatians* (Beloved Publishing LLC, 2014).

10 Charles Spurgeon, *The Triumph of Faith in a Believer's Life* (Emerald Books, 1994), 36.



EVERY NATION

GO

2019





HULYO 15–19, 2019 › ORLANDO, USA

EN2019.ORG #EN2019

EVERY NATION

**Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.**

***EveryNation.org/Fasting***

***#ENfast2019***